

# Pagsunod sa mga Pioneer

**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



Minsa'y nilakad ko ang ilang daan na nilakaran ng mga naunang pioneer ng Simbahan patungo sa Lambak ng Salt Lake. Nakadama ako ng pagpapakumbaba na malakaran ang nilakaran ng mga pioneer. Ngunit ang paglakad kung saan sila naglakad ay hindi kasinghalaga ng pamumuhay kung paano sila namuhay.

Sumulong ang mga pioneer nang may pananampalataya sa isang bagong relihiyon, isang bagong lupain, at isang bagong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Nagtiwala sila sa Diyos. Kailangan din nating **manampalataya.**

Sinunod nila kung ano ang sinabi ng kanilang mga pinuno na gawin nila. Kailangan din nating **maging masunurin.**

Ginamit nila ang kanilang mga talento at nagtulungan sila para maitatag ang Sion. Kailangan din nating **magkaisa.**

Hindi nila iniwan ang sinuman. Tiniyak nilang kasama ang mga taong nagkakaproblema sa daan. Kailangan din nating **isama ang lahat.**

Makakapagbigay-pugay tayo sa mga pioneer sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang mga halimbawa. ●

*Hango mula sa "Following the Pioneers,"* Ensign, *Nob. 1997, 72–74.*